

Isang Kuwentong Nag-uugnay sa Japan at Brazil



Panimula: Sa Paglipas ng Isang Siglo Noong Hulyo 23, 1925, isang 13-taong-gulang na batang lalaki ang nagpaalam sa Japan sa huling pagkakataon. Habang dahan-dahang lumalayo ang barko sa daungan, patuloy niyang tinitigan ang kapuluan ng Japan habang paliit ito nang paliit sa kanyang paningin. Ang kanyang mga alaala, ang mga taong nakilala niya, at ang mga pamilyar na tanawin—unti-unting lumayo ang lahat. Eksaktong 100 taon ang lumipas. Noong Agosto 2, 2025, nakatayo sa mismong lugar na iyon ang kanyang apo sa tuhod, hinahanap ang sariling pinagmulan. Habang hinihipan ng parehong simoy ng dagat na naramdaman ng kanyang lolo sa tuhod isang siglo na ang nakalipas, sinimulan niyang balikan ang kasaysayang iyon.

Pagbati Kumusta sa inyong lahat. Ako si Marina Hashimoto, isang Coordinator for International Relations mula sa Brazil. Sa Maruchi Mie ngayong buwan, nais kong ibahagi ang tungkol sa “imigrasyong Hapones,” na bahagi rin ng sarili kong pinagmulan at kuwento ng buhay. Sa katunayan, ang 13-taong-gulang na batang lalaki sa pambungad na kuwento ay ang aking lolo sa tuhod. Noong nakaraang tag-init, binisita ko ang daungang pinagmulan ng kanyang paglalakbay patungong Brazil at nakita ko ang kanyang pangalan sa talaan ng mga imigrante. Hindi niya piniling tumawid ng dagat sa sarili niyang kagustuhan. Dahil sa pasya ng pamilya, nagpunta siya sa Brazil kasama ang kanyang nakatatandang kapatid na lalaki. Gayunman, ang hakbang na iyon noon ang siyang nag-uugnay sa kanya sa akin ngayon, makalipas ang 100 taon. Sa pamamagitan ng kuwento ng aming pamilya, nais kong ipakilala ang kasaysayan ng migrasyong nag-uugnay sa Japan at Brazil.

Kasaysayan ng Imigrasyong Hapones

Noong 1908, dumating sa Port of Santos sa Brazil ang Kasato Maru, ang unang barkong nagdala ng mga imigranteng Hapones mula sa Japan, na may 781 katao sakay. Noon, kulang sa manggagawa ang mga plantasyon ng kape sa Brazil, habang nahaharap naman ang Japan sa mabilis na paglaki ng populasyon at kakulangan sa pagkain. Dahil sa hirap ng buhay at sa hangaring mabigyan ng mas maayos na kinabukasan ang kanilang pamilya, marami ang nagpasyang mandayuhan sa Brazil. Ngunit mas mabigat ang buhay roon kaysa sa inaasahan nila. Mahirap na kondisyon sa trabaho, hindi pamilyar na pagkain, hadlang sa wika, at mababang sahod—sunod-sunod ang pagsubok. Ayon sa kuwento ng aking lola, madalas ay wala silang perang pambili ng pagkain kaya nagtanim sila ng gulay at soybeans upang mabuhay. Gumagawa rin sila ng sarili nilang shoyu at miso mula sa mga soybean na iyon.



Buhay na Itinaguyod sa Pagsisikap

Sa kabila ng init, nagtatrabaho ang maraming imigranteng Hapones sa mga plantasyon mula madaling-araw hanggang gabi. Sa patuloy na pagsisikap, marami sa kanila ang kalauna’y nakapagsarili, umalis sa mga sakahan at lumipat sa mga lungsod, kung saan naging mas matatag ang kanilang pamumuhay. Lumaki rin sa Brazil ang aking lolo sa tuhod. Pagkatapos mag-asawa, nagsimula siyang magnegosyo sa Campinas. Sama-samang nagtrabaho ang buong pamilya mula umaga hanggang hatinggabi, nagbebenta ng tinapay, gulay, matatamis, alak at iba pang produkto. Mahigit 50 taon na ang lumipas, ngunit binubuksan pa rin ng aking lola ang tindahang iyon araw-araw. Noong bata ako, madalas akong tumulong sa tindahan, makipaglaro sa mga pinsan at makatanggap ng kendi bilang gantimpala. Sa kabila ng maraming pagsubok, pinahalagahan ng mga Japanese Brazilian ang edukasyon ng kanilang mga anak. Nagbunga ang kanilang pagsisikap, at ngayon ay aktibo sila sa iba’t ibang larangan tulad ng politika, ekonomiya at medisina, at malaki ang ambag nila sa lipunang Brazilian.

Ang Kulturang Nikkei na Patuloy na Nabubuhay sa Brazil

Ang aking lolo sa tuhod, na lumipat sa Brazil noong bata pa siya, ay patuloy na nagpahalaga sa kulturang Hapones sa buong buhay niya, gaya ng marami pang ibang imigrante. Sa kusina ng pamilya Hashimoto, laging may shoyu. Kasabay ng pagkaing Brazilian, kumakain din kami ng tsukemono, Japanese curry, onigiri at miso soup. Sa tindahan, laging may tugtog na enka mula sa radyo, at kakaiba rin ang paraan ng pagsasalita—halo ang Portuguese at Japanese. Hindi lamang ito kultura ng aming pamilya. Bahagi ito ng kulturang ibinabahagi ng humigit-kumulang dalawang milyong taong may lahing Hapones sa Brazil. Kahit malayo sila sa Japan, dala-dala nila ito sa kanilang puso. Habang natututo at nakikibagay sa kulturang Brazilian, ipinapasa rin nila sa susunod na henerasyon ang mga tradisyon at pagpapahalagang Hapones. Dahil dito, malalim nang nakaugat ang kulturang Hapones sa Brazil. Pinananatili ng mga samahang pangkulturang Japanese-Brazilian ang mga tradisyon tulad ng taiko at Soran Bushi. Ang taunang “Japan Festival” sa São Paulo ay dinadaluhan ng halos 200,000 katao sa loob lamang ng tatlong araw. Patok din sa buong Brazil ang pagkaing Hapones, at maraming Japanese restaurant sa iba’t ibang lugar.

Sa ganitong paraan, kahit napakalayo sa Japan, patuloy na nabubuhay ang kultura sa pamamagitan ng damdamin at pagsisikap ng mga tao, habang nagbabago rin kasabay ng panahon. Hindi na lamang ito simpleng “kulturang Hapones,” kundi isang natatanging kulturang umusbong at nahubog sa loob mismo ng Brazil. Para sa akin, ang kulturang Nikkei na ito ay kasaysayan ng aking pamilya at bahagi ng sarili kong pinagmulan.


Pangwakas

Ang kuwento ng imigrasyong Hapones sa Brazil ay kuwento ng pag-asa at tapang. Mula sa komunidad ng mga Japanese Brazilian, may isang mahalagang bagay akong natutuhan: ang paggalang sa ibang kultura ay hindi nangangahulugang kailangang talikuran ang sarili mong kultura. Sa halip, ang pagkilala sa iba’t ibang paraan ng pag-iisip at pamumuhay ay nagpapalawak sa mga pagpipilian natin upang makahanap ng kaligayahan at mahalaga rin upang mamuhay nang mapayapa kasama ang iba. Lumaki akong personal na nakikita ang posibilidad ng mapayapang pamumuhay sa gitna ng iba’t ibang kultura. Kaya nais kong makatulong sa pagbuo ng isang lipunan kung saan maipagmamalaki ng bawat isa ang kanyang pinagmulan at bukas ang loob sa iba’t ibang kultura.



Nais naming marinig ang iyong opinyon!

Maaaring maitampok ang iyong ideya sa
susunod naming newsletter. Ibahagi sa
amin ang iyong saloobin!



M u l t i c u l t u r a l M i e

マ

ル

チ

三

重

